


# ANG TANDA NG MESIYAS

 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali. Minamahal na Diyos, sa pagdinig po namin sa awiting 'yun, "Si Jesus ay narito't malapit, at lahat ng mga bagay ay maipangyayari," ang aming mga puso nga'y may pagkasabik na malaman na 'yun ay higit sa pagiging awitin. Yun po'y Katotohanan. Nandito Ka po talaga. Panginoon, nananampalataya ako na Ikaw po'y narito lamang sa likod ng tabernakulo sa mga oras na ito ngayon, din; 'yung munting nanay na 'yun karga-karga ang munting sanggol na 'yun, na basang-basa po, sa ulan; at 'yung kabataang lalaki na tumawag para sa minamahal niya sa buhay, na nasa ospital po sa isang dako, na naghihingalo. Iyo pong dinggin ang aming mga pananalangin, Panginoon. May mga tao pong nakaupo sa bahay-sambahang ito nang buong maghapon, mula pa ng alas sais ng umaga. Sila'y nananabik na katagpuin Ka, Panginoon. Nakapakinig po sila sa pangungusap namin sa araw na ito na Ikaw ay nagbangon mula sa patay. At Ikaw ang siya ring Jesus na nabubuhay mapasa hanggang ngayon sa gabing ito, lumipas man ang labing-siyam na daang taon. Ikaw pa rin si Jesus na 'yun. At dalangin po namin, Diyos, na Iyong pagagalangin ang bawat isang maysakit na naparito sa Makalangit na Presensya. Nawa'y wala ni isa rito ang nanghihina pa rin sa kalagitnaan namin sa pagtatapos ng gawain na ito. Iyo pong ipakita lamang sa amin, Panginoon, na Ikaw po'y narito mismo.

<sup>2</sup> Binubulay po namin ang dalawang lalaki nung umaga na 'yun ng Pagkabuhay, na sila'y nakakaramdam ng panghihina ng loob, di maikakaila. Haya't marami rito ang nanghihina ang loob sa gabing ito, na mga maysakit at di mapagaling-galing, sinukuan pa nga sila ng mga doktor. At nung ang mga lalaking 'yun ay nagpatuloy sa kanilang paglalakad sa daan, may isang Estranghero Na sumabay ng lakad at nakipag-usap sa kanila, sumasaysay patungkol sa Mga Kasulatan, ng buong maghapon na 'yun. At nung maggabi na, nung naroon na Siya kasama sila sa silid at ang pinto'y nakapinid, may ginawa po Siyang isang bagay. Ginawa Niya 'yun sa kung papaanong paraan na ginawa Niya bago ang pagpapapako sa krus, at napagkilala nung mga lalaking 'yun mismo ang nagbangong Panginoon. Naglaho Siya nang bigla sa paningin nila. Nagmadali sila sa pagtakbo, para ipagsabi sa iba pa, "Siya nga'y nagbangon mula sa patay."

<sup>3</sup> Diyos, dalangin namin na Siya'y pumarito sa kalagitnaan namin sa gabing ito at ipangyari ang siya ring mga bagay na ginawa Niya bago Siya ipinako sa krus. Ang labing-siyam na daang taon ay walang anuman po sa Kanya; Siya'y Walang Hanggan. At nawa'y marami sa gabing ito ang magmadali na umuwi sa kanilang bahay, na ikinukuwento sa kanilang asawa

na babae, kanilang asawa na lalaki, kanilang mahal sa buhay, kanilang kapitbahay, “Siya’y nabubuhay! Nagpakita Siya sa akin sa gabing ito! Pinagaling Niya ang karamdaman ko! Ako’y magiging maigi na ang lagay ngayon.” Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. (Maaari na po kayong makaupo.)

<sup>4</sup> Pasensya na po kung medyo napaos ako, haya’t masyado lang po akong naging abala sa pagsasalita, nagbabautismo; may trangkaso po ako, kung tutuusin, mula ng nanggaling ako sa Florida at doon sa mga isla. Ako po’y luluwas uli sa umaga, papunta namang California, para sa isang buong buwan halos ng mga pagtitipon. Kaya tinanong ko si Kapatid na Neville kung maaari siya na makapangusap sa gabing ito para sa akin, at tiyak ko naman na nakapakinig kayo ng kamangha-mangha na mensahe. Nagtamasa tayo ng napaka inam na gawain nitong umaga mula kay Kapatid na Neville. At nagtitiwala tayo na ang Diyos ay magtuluy-tuloy na sumakanya at sa iglesyang ito, sa kanyang pagpapastor dito.

<sup>5</sup> Ngayon nakatagpo ko kanina si Billy diyan, at para bang hinawakan niya ako rito sa tagiliran, at ang sabi niya, “Daddy, nakatayo po ang mga tao, at ang ilan sa kanila ay maghapon na narito.”

<sup>6</sup> Sabi ko, “Buweno, natutuwa akong itong mga gawain natin ay malapit nang matapos, kaya di na kayo kailangang tumayo pa.” At umuulan pa nga. At nung pagpasok ko sa gusali, may munting mag-asawa na palabas ng kotse roon, na may kargang munting sanggol na may sakit. Basang-basa po sila. Halos di po nga makapasok’yung nanay sa may pinto. Pero kung gaano pong katiyak na nakatayo ako rito, ganoon ding katiyak na ang Diyos ay pinagaling ang sanggol na’yun sa mismong sandali na’yun. Siyanga. Sadya ngang tumutugon Siya ng panalangin!

<sup>7</sup> At ngayon matapos nung pangangaral natin sa araw na ito, at nitong umaga nangaral po ako patungkol sa limang paksa: *Pagkabuhay, Pagkamatay, Pagkalibing, Pagbangon, Pagdating.*

Sa pagkabuhay, ako’y inibig Niya. Sa pagkamatay, ako’y iniligtas Niya.

Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong dako yaring pagkakasala.

Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako’y ariing ganap nang walang bayad kailanman.

Balang araw Siya nga ay darating, oh, araw na walang kasing ningning!

Heto nga tayo, na nakaantabay sa gabing ito, naghihintay sa Kanyang pagpapakita.

<sup>8</sup> Bakit po tayo nagsisiksikan dito? Bakit pumaparito pa ang mga tao para makapakinig ng Ebanghelyo? Gayumpaman, sa taglay na kasimplehan Nito, Ito ang pinaka dakilang atraksyon

na magpapalapit na mayroon sa sanlibutan. Sinabi ni Jesus, “Kung Ako’y matataas, ang lahat ng mga tao’y palalapitin ko sa Akin.” Ngayon ang tanong po, ang relihiyon bang ito na atin pong ipinapangusap, totoo po ba ito? Ito ba ang Katotohanan? Kung ito ang Katotohanan, kung gayon masasampalatayanan natin ang bawat Salita na sinabi ng Biblia. Kung di naman ito ang Katotohanan, hindi nga dapat tayo nagkakaroon ng ano man na kinalaman dito, ang dapat sana’y nagpapatuloy na lang sana tayo sa ating mga kasalanan; kakain, iinom, at bukas ay mamamatay din naman. Pero ako nga’y lubos ang pasasalamat na malaman na Itong bagay na ito na ating pinag-uusapan ay ang Katotohanan! At ito lang ang siyang tanging relihiyon sa mundo . . . Gayong, pang-apat lang sa bilang, gayumpaman ay ito ang siyang tanging relihiyon sa mundo na ang Nagtatag ay itinulot na mamatay at muli namang nabuhay, at nabubuhay mismo sa gabing ito.

<sup>9</sup> Nakita ko po sa pahayagan, dito sa pahayagan ng siyudad nung isang araw, kung saan may lalaki sila roon, isang Buddha, na lumitaw. Marami sa inyo ang nakita na ’yun sa pahayagan. May lalaki sila roon na isang munting Buddha na ipinanganak daw sa siya ring paraan kung papaano noon si Buddha; siyanga nama’t, ang lalaking ito’y hindi nagpangyari ng kung anong mga himala, pero ang kanyang pangangaral at lahat ng bagay ay kagaya kay Buddha. Kaya kung si Buddha ay may ganoong lalaki sa labas, na isa pong huwad; ang Diyos ay may Espiritu Santo sa labas, na tunay na Espiritu ng Diyos.

<sup>10</sup> Ngayon, pinag-uusapan natin ang kahanga-hangang mga bagay na ito, pero ito ba’y gagana? Ang Banal . . . Ang Banal na Espiritu ba’y patatawarin ang tao sa kanyang pagkakasala? Magagawa ba Niyang pagalingin ang karamdaman ng tao? Tunay, gagawin nga Niya. Siya ang Diyos, magpasa walang hanggan. Ngayon, kung ating . . . Kung si Jesus ay mapadadako rito sa ating kalagitnaan at patutunayan ang Kanyang Sarili mismo, na Siya’y buhay, na naparito sa gabing ito sa piling natin, tunay ngang magagawa n’yan na ang bawat isa sa atin ay makasampalataya sa bawat pangako na mayroon Siya rito sa Biblia.

<sup>11</sup> Mayroon po bang narito ngayon na di pa nakadadalo ni minsan sa mga pagtitipon ko noon? Patingin po ng kamay n’yo, na mga di pa nakadalo sa pagtitipon ko noon. Tingnan n’yo po, halos kalahati ng mga narito!

<sup>12</sup> Di po ako tagapagpagaling. Di po ako naniniwala—di ako naniniwala na may isang tao na tagapagpagaling. Si Jesus Cristo ang Tagapagpagaling.

<sup>13</sup> At sinabi Niya, nung naparito Siya noon sa lupa, na ang Diyos ang Tagapagpagaling. Ngayon, nung narito Siya noon sa lupa, di Niya inangkin ang pagiging Tagapagpagaling, bagkus

Kanyang ipinakita sa mga tao ang Kanyang tanda ng pagka-Mesiyas, at ang tandang 'yun ng pagka-Mesiyas ay ang matalos ang lihim ng kanilang puso. Ilan po ang nakaaalam na 'yan po ay sadyang katotohanan?

<sup>14</sup> Noong sabihin Niya kay Pedro, nung lumapit ang lalaking ito sa Kanya, sinabi ang pangalan kung sino siya, kung ano ang pangalan ng tatay niya; ganoon na lamang ang pagsampalataya ni Pedro, na taglay ang ganoong pananampalataya, na ibinigay sa kanya ni Jesus ang mga susi ng Kaharian, nung paglaon, at inilagay siya na mangulo sa Iglesya.

<sup>15</sup> Noong abutan ni Felipe si Natanael sa ilalim ng puno, at sinabi sa kanya, "Halika't tingnan mo ang Isa na natagpuan ko, si Jesus ng Nazaret, na anak ni Jose."

<sup>16</sup> At 'yung matigas na relihiyosong 'yun ay ang sabi, "May anumang bang bagay na mabuti na manggagaling sa Nazaret?"

<sup>17</sup> Ibinigay nga niya sa lalaking ito ang pinaka mainam na sagot na maibibigay ng tao. Sabi niya, "Halika't tingnan mo. Huwag mong basta libakin na lang. Halika nga't, tingnan mo mismo."

<sup>18</sup> At nung sandaling 'yun na nakarating si Felipe dun kasama na si Natanael, sinabi ni Jesus sa ginoong ito, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya!"

Sabi niya, "Kailan Mo po ako nakilala, Rabi?"

Sabi Niya, "Bago ka pa tinawag ni Felipe, nakita na Kita sa ilalim ng puno."

Sabi niya, "Ikaw nga ang Anak ng Diyos, hari ng Israel."

<sup>19</sup> Binanggit Niya sa babae sa may balon ang nilalaman nung puso nung babae. Pinatunayan mismo ng mga 'yun na Siya ang Mesiyas. At kung ang Mesiyas na 'yun ay binangong mula sa patay ngayon, at nagbayad ng katubusan, at pinagaling ang ating mga karamdaman at pinatawad ang ating mga kasalanan, kung ganoon ang magagawa nga Niya ngayon ay gawin ang siya ring mga tanda na Kanyang ipinakita noon, na Siya'y nabubuhay pa rin ngayon para tuparin ang anumang pangako na binitiwang na Niya noon, siyanga. Totoo ba 'yun? [Sinabing kongregasyon, "Amen. Tama."—Pat.] Sampalatayanan po natin 'yan ngayon habang mananalangin na tayo.

<sup>20</sup> Panginoon, ang mga tao po'y naghihintay. Isang salita lang po mula sa Iyo ay higit sa anumang na sabihin ni Kapatid na Neville o sabihin ko sa marami mang saling-buhay. Isang salita lamang po. Ngayon, nasa kalahati po ng mga narito ang di pa nakasaksi sa mga pagtitipon noon. Panginoong Diyos, na siyang Maylalang ng Kalangitan at lupa, Iyo pong ipadala ang Kapangyarihan ni Jesus Cristo sa silid na ito, ang Siya na 'yun na binangong mag-uli, ang Espiritu Santo na naparoon noon sa Pentecostes, at nang sa gayon ay mapahiran Niya ang mga tao. Nawa ako po, sa kabila ng pagkapaos po na ito, ay maisuko ko

mismo nang buo ang aking sarili sa Kanyang Espiritu, na Siya nga'y makapangusap gamit ang basag na tinig na ito na aking iniaalay sa Kanya, makatunghay sa mga matang ito na aking iniaalay sa Kanya, na makakita ng mga pangitain at mga bagay na magbubunsod sa mga tao na makita na Siya't nagbangon mismo mula sa patay. At sa pagkakakita ng mga tao rito, nawa po'y ang buong mga naritong nakikinig ay yakapin ang bawat pangako na Kanyang ipinangako. Kung sila man ay nagkasala, nawa'y yakapin nila Siya para sa kapatawaran. Kung sila man ay may karamdaman, nawa'y mapagkilala nila na sa Kanyang mga latay ay pinagaling na kami. Iyo po mismong ipagkaloob ito, Panginoon. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>21</sup> Ngayon po ang dakilang pagtutuos. Dito po sa harap ng dalawa o tatlong daang katao, simple lang po ito. Haya't, kung tatayo ka sa harap ng limang daang libo, kalahating milyon, ang siya ring bagay ay maipangyayari. Siya ay Diyos. Ngayon ilan po rito ang may sakit at nagnanais na maipanalangin, itaas n'yo po ang kamay n'yo. Kita n'yo, mga halos kalahati n'yo, o higit pa. Di ko nga magagawa na padulugin silang lahat dito. Sa palagay ko . . . Tatanungin ko uli kay Billy. Tatanungin ko sa kanya kung nakapamahagi siya ng mga prayer card. Ngayon, siya—siya ba'y nakapamahagi? [May isa na nagsasabi, "Opo."—Pat.] Sige. Sige.

<sup>22</sup> Nung nakaraang Linggo o nung isang beses na narito ako, di sila nakapamahagi ng mga prayer card, at kaya tinanong ko lang, "Ilan sa mga narito ang di pa nakadadalo sa pagtitipon noon?" Marami ang nagtaas ng kamay, na di pa nakadadalo sa pagtitipon ni minsan. Nung nakatayo sila na nakataas ang mga kamay nila, dumako ang Espiritu Santo sa palibot na sinasabi sa kanila kung sino sila at kung ano ang karamdaman nila, at kung ano ang mga nangyari; at pinagaling ang mga tao nang ganoon na lamang kalubos, na anupa't ang mga tumor at mga bagay-bagay ay nagsipaglaho, na di na kakailanganin pa ng mga pag-oopera. Ilan po ang narito noon na nasaksihan 'yan mga ilang linggo pa lang ang nakararaan?

<sup>23</sup> Kung nakapamahagi po siya ng mga prayer card, tatawag po tayo. Mabibigyan ng pagkakataon ang mga taga-rito, at mga di man taga-rito; mga nakadalo na sa pagtitipon, at sa mga di pa nakadadalo; na makadulog sa pila ng pananalangin. Di kasi natin kakayanin na mapadulog silang lahat nang sabay-sabay. Padudulugin po natin sila nang dahan-dahan sa abot mismo ng makakaya natin.

<sup>24</sup> At inaasam ko na maging tapat po kayo sa Diyos. Maging tapat po kayo sa sarili n'yo. At kung si Jesus Cristo ay paparito sa kalagitnaan natin at ipamamalas at gagawin ang mga bagay na ginawa Niya nung narito pa Siya noon sa lupa, naglalakad sa Galilea, nararapat lamang na tanggapin n'yo Siya para sa anumang bagay na pangangailangan n'yo. Di n'yo na po kailangang maparito pa sa entablado. Isinasaalang-alang Niya

ang pananampalataya. Marahil may mga ilan dito na may sakit na naritong dumalo, na di nakakuha ng prayer card, sila po'y mapagagaling ano't anuman. Ilan po ang may sakit at wala po silang prayer card? Pakitaas lang ng inyong kamay. Buweno, di ganoong karamihan ang naipamigay na prayer card, kita n'yo. Sige po, basta't manampalataya lamang kayo. Tumingin po kayo sa gawi rito.

<sup>25</sup> Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo kung anong ginawa ni Jesus noong narito Siya noon sa lupa. May isang babae, isang beses, na lumapit sa Kanya. At di nga makalapit ang babae sa siksikan ng mga tao. Wala siyang prayer card, pero hinipo nga niya mismo ang laylayan ng Kanyang damit, anupa't sinabi niya sa puso niya, "Alam ko na ang Lalaking ito'y nagsasabi ng Katotohanan. Kung mahihipo ko lamang ang Kanyang damit, ako'y gagaling." At hinipo niya ang Kanyang damit, na anupa't talagang sumuong sa kakapalan ng tao na mas marami pa ang bilang kaysa sa mga narito.

Bumaling si Jesus, at nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?"

<sup>26</sup> Nasaway pa nga Siya ni Pedro, at ang sabi, "Bakit Mo itatanong ang ganung bagay, samantalang hetong lahat naman ay nagnanais na mahipo Ka?"

Sabi Niya, "Pero naramdaman Ko na Ako'y nanghina."

<sup>27</sup> Ang mga pangitain po'y nagdudulot ng panghihina. Di mo nga magagawa 'yun, na marami ang makikita mong ganoon. At sabi Niya, tumunghay sa mga naroon hanggang sa makita Niya 'yung babae, at sinabi sa babae na ang babae'y may pag-agas ng dugo, at sa pananampalataya ng babae'y napagaling mismo ang babae.

<sup>28</sup> Ilan po ang nakakaalam nun? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinabi ng Biblia na, "Si Jesus Cristo ay ang Dakilang Saserdote na mahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan." Tama po ba? ["Amen."] Buweno, kung Siya ang Dakilang Saserdote, at mahihipo sa ating mga kahinaan, hindi ba't ganoon na ganoon din ang ikikilos Niya gaya ng ginawa Niya noon, kung Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpa kailanman?

<sup>29</sup> Kung ganoon di n'yo kailangan ng prayer card, tumingin lang kayo sa gawi rito, at sabihin sa inyong puso, "Panginoon, nananampalataya ako nang buong puso ko't, nananampalataya ako na ako'y pagagalingin Mo. At maitulot nawa na mahipo ko ang Iyong damit. At mangusap Ka sa pamamagitan ni Kapatid na Branham at sabihin sa kanya, kagaya nung ginawa Mo noon sa babae na 'yun, at ako'y sasampalataya sa Iyo." Magagawa n'yo ba na maging ganoon ang inyong pagtatapat, at sadyang manampalataya sa Diyos nang buong puso n'yo?

<sup>30</sup> Sinabi ni Billy Paul, may sinabi siya mga ilang minuto pa lang ang nakararaan, habang nakatayo ako rito, nagbigay raw

kayo ng love offering para sa akin. Di ko po sana gusto 'yung ganoon. Ito po kasi'y... Pero, nagpapasalamat po ako sa inyo, ano't anuman. Magagamit ko mismo ito para sa biyahe ko sa California. Ilalagay ko ito sa pagi-Ebanghelyo.

<sup>31</sup> Itong mumunting mga paghahandog na ibinibigay n'yo sa akin, alam n'yo ba kung saan ito napupunta? Kagagaling ko lang ng Puerto Rico at ng Jamaica mga ilang linggo pa lang ang nakararaan, kung saan naitala nila na abot sa apatnapung libo ang naakay nung siyam na gabi. Ano pong nagamit dun? Ang inyo pong pagbibigay ng ikapu. Noong umalis na ako, 'yung alkalde po ng... 'yung huwes dun sa isla'y tumayo, sabi niya, "May mga ebanghelistang kami na bumibisita rito't nanghihingi ng malalaking kaloob, at malaking pera ang halaga. Pero," sabi, "nung si Kapatid na Branham ang dumating, hindi siya nanghihingi ni sentimo man, di kami inobluga na bayaran 'yung bayarin sa hotel. At siya mismo ang nagbayad nung pamasaha niya, papunta't pauwi." Ano pong nagamit dun? Ang pera n'yo po. Talagang sinisigurado ko na magagastos ko 'yun nang tama. Nang sa gayon, sa Harapan ng hukuman, sa pagtayo ko roon sa harap n'yo at ng Diyos, aking ipagsusulit 'yun, na nagamit 'yun sa tama. Kinukuha ko po 'yun, sa tuwing may paghahayuan po ako, para gawin ang pinaka mainam kong magagawa para sa ikaluluwalhati Niya.

<sup>32</sup> Ngayon di po natin mapadudulog ang lahat ng mga prayer card nang sabay-sabay, kaya padudulugin ko sila, nang isa-isa lang po.

<sup>33</sup> Sino po ang may hawak ng prayer card bilang isa? Itaas n'yo lang ang inyong kamay kung makatatayo po kayo. Doon sa pinaka likod, isa pong itim na binibini. Sige po't dumako lang kayo sa gawi rito, binibini. Dumako lang kayo at pumunta rito sa gilid ng entablado. Ngayon sino naman po ang may hawak ng prayer card bilang dalawa? Kung makatatayo ka, itaas mo ang iyong kamay, prayer card bilang dalawa. Isa pong puting binibini rito. Sige po, binibini, dumako ka na rito at sumunod ka sa pila ng itim na binibini rito, sa banda po rito. Ngayon papilahin mo sila nang paikot sa gawi *roon*, Doc, kapag umabot na sila rito.

<sup>34</sup> Prayer card, bilang tatlo, itaas mo lang ang iyong kamay kung magagawa mo. Sige po ginoo sa banda rito, ginoo. Bilang apat, itaas mo ang iyong kamay. Sige po, ang ginang, sa gawi rito. Bilang lima, itaas mo lang ang iyong kamay. Ito pong kabataan sa gawi rito. Mukha pong, ang bawat isa sa kanila'y di ko kakilala. Bilang anim, itaas mo lang ang iyong kamay, bilang anim. Natawag ko na ba ang bilang lima, bilang lima? At bilang anim, isa ring di ko kakilala. Bilang pito, itaas mo lang ang iyong kamay. Itaas mo ang iyong kamay, kung sino ang bilang pito. Sige po, sa tingin ko kilala ko ang kapatid na ito. Sa tingin ko—sa tingin ko kakilala ko siya. Bilang walo, itaas mo lang ang

iyong kamay kung magagawa mo. Isa pong binibini rito. Sige po, bilang siyam. Sige po, binibini. Bilang sampu. Sige po, bilang sampu, ang binibini po.

<sup>35</sup> May nagkamali yata. Ano pong bilang ng lalaking ito rito? May kung sino man diyan na tingnan, mga ilan sa inyo na mga usher sige't lumapit lang dito't tingnan. [May nagsasabi, "Siya po'y bilang walumpu't apat."—Pat.] Walumpu't apat. Bilang sampu po ang tinatawag ko kanina, salamat, bilang sampu. Pero dadako rin kami sa iyo ano't anumang. Ayos lang 'yan. Sige po, nalaman ko na po 'yung bilang n'yo. Walumpu't apat, di po ba, parang walumpu't apat o parang ganoon ang sinabi mo? Sige po, maghintay ka lang dito. Manampalataya lamang. Heto po't sinasabi ko sa inyo, kung di n'yo man magamit ang prayer card na 'yan, 'yang prayer card, tumunghay lang kayo sa gawi rito at manampalataya sa Diyos, at makikita n'yo na tutugunin ng Diyos ang panalangin para sa inyo. Sige na po.

<sup>36</sup> Bilang, bilang sampu na po ba 'yan? Labing-isa. Sige po, bilang labing-dalawa. Ngayon, kung di po kayo makatayo, sige po't . . . Bilang labing-dalawa. Labing-tatlo, bilang labing-tatlo, hayun siya sa pinaka likod. Labing-apat, bilang labing-apat, sa pinaka likod din. Bilang labing-lima.

<sup>37</sup> Halo-halo po ang pamimigay nito. Yung mga kalalakhian na namigay nito, sinasabi lang nila, "Sinong may gusto ng prayer card, itaas n'yo ang inyong kamay." Dala-dala nga nila ang mga ito't paghahalu-haluin, wala pong nakakaalam kung sino ang nakakakuha ng kung anong bilang. At haya't basta ipinamimigay nila nang paganoon.

<sup>38</sup> Bilang labing-apat. Bilang labing-lima, sino po ang may hawak ng prayer card labing-lima, bilang labing-lima? Bilang labing-anim, diyan nga sa pinaka likod. Bilang labing-pito. Ngayon, kung ang bilang labing-anim ay nasa loob ng gusali o nakatayo diyan sa may pasilyo, sige't umikot lang sa gawi rito. Bilang . . . Pasensya na po, di ko po napansin ang kamay mo, kapatid na babae, riyon. Labing-anim po ba? Sige . . . [Sinabing kapatid na babae, "Labing-pito."—Pat.] Labing-pito po. Labing-walo, labing-siyam, bilang labing-siyam. Dalawampu, bilang dalawampu, 'yung lalaki sa banda riyon. Sige po. Sige po.

<sup>39</sup> Ngayon sa palagay ko umaabot na tayo sa pasilyo sa gawi rito ngayon, kaya tayo po'y . . . [May nagsasabi, "Hanggang dito na lang."—Pat.] Ano po 'yun? ["Hanggang dito na lang."] Sige po't hanggang dito na lang muna sa ngayon. Sige po. Buweno, tumingin po kayo sa gawi rito at manampalataya. Sige po.

Sige po, sa piyanista po, marahan at mataimtim lamang, *Only Believe*, sadyang taimtim lamang.

<sup>40</sup> Karamihan sa mga narito sa may pasilyo rito ay mga di ko kakilala. Di ko kayo kakilala. Ngayon may ilan din na narito na may hawak na mga prayer card, may ilan din na wala silang



prayer card. Marahil tatawag pa tayo ng ilan para sa pila para sa pananalangin maya-maya, kapag naiayos na natin ang pila na ito rito.

<sup>41</sup> Sa tingin ko ang ginoo na ito rito, Doc, na nanggaling pa sa pinaka likod, natawag siya, labing-anim o labing- . . . labing-anim. Sige po, dumako ka na riyan at tumayo sa puwesto mo, ginoo.

<sup>42</sup> Ngayon, kung di man kayo natawag, di po ibig sabihin nun 'yun na 'yun, kita n'yo, haya't tumunghay at manampalataya po lamang.

<sup>43</sup> [May nagsasabi, “Wala pa ang bilang *labing-lima*, rito.”—Pat.] Wala pa ang bilang labing-lima. Siguro di makatayo ang tao. Kung di po kayo makatayo . . . Siguro’y may isa na sige’t tingnan ang prayer card ng katabi, baka ang tao po’y bingi at di siya makarinig. Kung nandito po sila, labing-lima, ikaw po’y tinatawag na para pumuwesto na rito sa pila. Kung lumabas man sila at makababalik ng ilang minuto, ilagay n’yo lang siya sa pila kapag tinawag na ang bilang niya.

<sup>44</sup> Kapag nakatapos na tayo sa ilan sa mga nasa pila rito, sige po’t tatawag pa tayo ng ilan pa, kung ang Espiritu Santo’y di pa tapos na magpahid dito sa gusali, sa mga tao, nang sa gayon sila man ay mapagaling din.

<sup>45</sup> Ngayon, ito na po ang pinaka maselang bahagi, ito po ang oras kung saan ang sinasabi ko’y Katotohanan o nagsasabi lang ako ng kasinungalingan. Ito mismo ’yung oras na si Jesus Cristo ay patutunayang bumangon sa patay, o di Siya bumangon mula sa patay. Ito ’yung sandali na Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, o di naman kaya’y di Siya siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ito ’yung sandali na Siya’y mapatutunayang Tagapagpagaling, o kung Siya ba’y hindi Tagapagpagaling. At kung mayroon man diyan na nais humalili sa aking puwesto, para manalangin para sa mga may sakit, malugod po kayong inaanyayahan na pumarito’t humalili sa lugar ko.

<sup>46</sup> Ilan po sa inyo na narito sa pila para sa pananalangin, sa pagtingin n’yo rito, na narito sa pila para sa pananalangin, na di po ako kakilala, at alam n’yo na di ko kayo kakilala o may alam man ako tungkol sa inyo, itaas n’yo ang inyong kamay.

<sup>47</sup> Diyan sa mga tagapakinig, na alam nilang wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo, itaas n’yo ang inyong kamay (gayong may sakit kayo) diyan po sa mga tagapakinig. Kita n’yo, hayan nga.

<sup>48</sup> Ngayon anong gagawin ng Diyos? Heto ang Kasulatan, ang Espiritu ng Diyos ay narito, ngayon ito po ba’y kikilos? Kung magagawa kong itagubilin ang aking sarili sa Espiritu Santo, kikilos po ito. At di po ito kikilos sa akin maliban na itagubilin n’yo rin mismo ang inyong sarili sa Espiritu Santo,

“Sapagkat maraming makapangyarihang gawa ang di ginawa ni Jesus sa Kanyang Sariling lupain, dahil sa kawalan nila ng pananampalataya.”

<sup>49</sup> Ngayon kayo po’y manampalataya nang buong puso n’yo, sadya pong maging mapitagan sa abot ng makakaya n’yo. Tumayo lang po nang taimtim, mag-antabay. Kung gumawa ng isang bagay ang Espiritu Santo, kayo po’y magalak, kayo po’y manampalataya.

<sup>50</sup> Ngayon, Panginoon, lahat ng narito sa amin, lahat ng amin pong . . . Tumayo sila nang matagal na ang kanilang mga binti’y namintig na’t, nanatili sila rito na anupa’t halos mahimatay na sila. Ngayon, Panginoon, nawa’y mapagkilala na Ikaw mismo ang Diyos. At ipinamamanhik ko ang lahat ng mga tagapakinig dito ngayon, dahil sa Iyong utos. At nakatayo po ako rito, di upang magpansin lang, o kumilos na parang kung sinong bigatin o gumawa ng kung anong bagay na iba, pero ito po’y dahil sa ito ang utos na ipinataw sa akin ng Anghel, at pinagtibay sa Iyong Salita. Mapagkilala nawa sa gabing ito na Ikaw si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, na nagbangon mula sa patay; at Ikaw po’y nananahan sa Iyong Iglesya, sa Iyong hirang, para ipamalas at gawin ang siya ring pagmi-ministeryo na ginawa Mo noon nung narito Ka noon sa katawan na laman. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At papupurihan Ka po namin, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>51</sup> Ngayon nasaan si Billy Paul, nandito ba siya sa loob ng gusali? May pinuntahan ba siya? O, mayroon po bang naatasan na pumarito para kunin ang mga prayer card na ito, kita n’yo. Halika rito, Kapatid na . . .? . . . Ang babae’y may prayer card sa kanyang kamay. Ibigay n’yo lang po sa kapatid, kita n’yo.

Magpitagan po nang mainam ngayon.

<sup>52</sup> Ngayon ito pong binibini na narito, sa abot ng nalalaman ko, ay isang estranghero sa akin. At heto nga ang isang akmang tagpo sa Kasulatan, dalawang tao at dalawang nasyonalidad.

<sup>53</sup> Si Jesus ay nagpunta sa isang balon isang beses, sa San Juan 4, at nakatagpo roon ang isang babae na taga-Samaria. At Siya po’y nakipag-usap sa babae nang kaunti, hanggang sa masumpungan Niya ang suliranin sa babae. At sinabi Niya sa babae’yung suliranin. At, nung masabi na Niya, napagkilala nung babae na ito na ang Mesiyas. Ilan po ang nakaaalam nun? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Naaalala n’yo ba’yung pag-uusap nila? Sabi Niya, “Babae, dalhan Mo ako ng maiinom.” Ano’yung ginagawa Niyang’yun? Ikinauugnay Niya ang espiritu nung babae.

<sup>54</sup> At sabi ng babae, “Malalim ang balon, at wala Ka namang anuman na panalok. Di kaugalian para sa Iyo, na isang Judio, na manghingi sa mga Samaritana ng ganoon.”

55 Sabi Niya, “Pero kung nakikilala mo kung Sino ito na iyong kinakausap, hihingi ka sa Akin ng tubig.”

56 At nagpatuloy ang pag-uusap hanggang sa masumpungan Niya kung anong suliranin doon sa babae. Ilan ang nakakaalam kung ano 'yung suliranin nung babae? Namumuhay nga siya sa pangangalunya. Kaya ang sabi Niya, “Humayo ka't kunin mo ang asawa mong lalaki't pumunta rito.”

Sabi nung babae, “Wala po akong asawa.”

57 Sabi, “Tama. Nagkaroon ka na noon ng lima, at itong isa na kinakasama mo ngayon ay di mo asawa.”

58 Ngayon pakinggan n'yo po ang sinabi nung babae. Sabi niya, “Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang Propeta. Alam namin na kapag dumating ang Mesiyas ay sasaysayin Niya sa amin ang mga bagay na ganito. Ang Mesiyas, ang tanda ng pagka-Mesiyas, Kanyang gagawin ito mismo kapag Siya'y dumating; dahil Siya ang Diyos na Propeta, ang Propeta, na tinukoy noon ni Moises.” Sabi, “Alam namin na gagawin ito ng Mesiyas sa Kanyang pagdating, pero Sino Ka?”

Sabi Niya, “Ako Siya na nakikipag-usap sa iyo.”

59 At tumakbo ang babae sa bayan at ipinamalita 'yun sa mga taga-roon, “Halikayo, sumpungan n'yo ang isang Lalaki Na sinabi sa akin ang mga bagay na ginawa ko. Hindi ba't ito na mismo ang Mesiyas?”

60 At heto pong nakatayo ang isang Etiopong babae at isang Anglo-Saxon na lalaki, pinaka unang pagtatagpo sa buhay; na masasabi nating babae na itim, lalaki na puti. Noong ang bagay na pagbubulay na 'yun ay mabigyang-pansin, doon noon sa paghihiwalay ng mga lahi, sa harapan ni Jesus, Kanya ngang ipinaalam sa kanila agad-agad; wala ito sa kulay ng balat ng mga tao. Nanggaling tayong lahat sa iisang puno, kina Adan at Eba. Siyanga mismo. Ang bansa na ating tinitirhan, 'yun ang nagpabago sa ating kulay; wala nga 'yung kinalaman dito. Ang Diyos ay namatay para sa lahat ng mga nilalang: puti man, itim man, dilaw man, kayumanggi man, pula man, at lahat. Lahat sila'y mga nilalang ng Diyos.

61 Pero heto nga ang isang binibini na nakatayo para sa isang bagay. Marahil isa siyang mananampalataya, marahil di siya mananampalataya. Marahil isa siyang makasalanan. Marahil isa siyang banal. Marahil may sakit siya, marahil hindi naman. Marahil may pangangailangan siya; may problema sa salapi. Marahil nakatayo siya rito para sa isa pang tao. Di ko po alam. Di ko pa siya nakikita kahit kailan, at wala akong kaide-ideya kung ano ang itinatayo niya rito. At alam 'yan ng binibini. Di po ba't ganoon nga, binibini? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Siyanga, po.”—Pat.] Kung ganoon nga, itaas mo ang iyong kamay nang sa gayon makita ng mga tao. Sige't itaas mo lang ang iyong kamay para 'yung mga tao... Itaas mo lang ang iyong kamay.

Ito ang pinaka una nating pagtatagpo. Ngayon kung itutulot ng Panginoong Jesus na . . .

<sup>62</sup> Kung siya po'y may sakit, di ko nga siya mapapagaling gaya ng kung papaanong di ko kayo mapapagaling. Pero kung—kung si Jesus ay narito Kanya ngang mapapagaling siya, dahil Kanya na 'yung ginawa doon pa lang nung mamatay Siya sa Kalbaryo. Pero heto po na may bagay Siya na magpapatunay na Siya ang siya pa ring Jesus, at sasampalatayanan 'yun ng babae, na mapagagaling siya. At kung papaanong ang babae na ito'y mapagagaling, kayo man ay mapagagaling, din, kung kayo lamang ay makasampalataya. Tama po ba 'yun? [Sinabi ng kongregasyon, “Tama 'yun.”—Pat.] Ngayon, nawa'y ipagkaloob ito ng Panginoon. Hinihintay ko lamang ang pahid ng Espiritu Santo, hayan nga.

<sup>63</sup> At ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinamamanhik ko ang bawat espiritu rito sa ilalim ng aking kontrol, para sa ikaluluwalhati ng Diyos.

<sup>64</sup> Ngayon, binibini, gusto kong tumingin ka lamang sa akin pansumandali. Gusto kong manampalataya ka ng buong puso mo. At wala akong ideya kung ano ang ipinunta mo rito, kung sino ka, wala nga. Pero nalalaman nga ng Diyos ang lahat ng tungkol sa iyo. Pero kung sasabihin sa akin ng Diyos ang bagay na ipinunta mo rito, kung gayon makasampalataya ka ba na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay narito para gumawa at kumilos sa paraan na ginawa Niya noon nung narito Siya noon sa lupa?

<sup>65</sup> Ang lahat ba ng mga tagapakinig ay sasampalataya, nang magkakalakip? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>66</sup> Ngayon heto po tayo, nakalatag na ang tagpo. Kapwa kami na nakataas ang kamay, kami'y estranghero sa isa't isa. Sinulat ng Espiritu Santo ang Biblia, sinabi ang mga bagay na ito na mangyayari mismo sa panahon na ito, na si Jesus ay bumangon mula sa patay at ang mga bagay na ito'y magpapatuloy, ang Kanyang pagmi-ministryo ay magpapatuloy, at sa mga huling araw na ito ay magiging eksakto 'yun sa paraan na ipinangako Niya na mangyayari. Ngayon tama po ba 'yun?

<sup>67</sup> Ang binibini, heto po siya na ninenerbiyos, siyanga naman, pinagkukuskos niya ang mga kamay niya dahil may nadarama siya na kakaiba sa mga sandaling ito. Hindi dahil sa nakatayo siya sa harap ko; ako'y kapatid na lalaki lamang niya, hindi ko ibubunsod na ganoon ang madama niya. Pero siya nga'y—siya nga'y may pagkaalam na may bagay na nangyayari. At nakikita mo ba 'yung litrato na 'yun na may Liwanag sa ibabaw nun, kapatid na babae? Yun nga ang nagbubunsod sa iyo na ganyan ang maramdaman. Yan nga ang Anghel ng Panginoon, Ito'y narito mismo sa ibabaw mo ngayon. At naparito ka para akin kang maipanalangin, [Sinabi ng kapatid na

babae, “Opo.”—Pat.] dahil diyan sa pananakit ng likod na pinagdudusahan mo. [“Tama po.”] Tama po, sige’t itaas mo ang iyong kamay.

<sup>68</sup> Ngayon kayo ba’y sumasampalataya na ngayon? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo, tinatalos, ang lihim ng puso. Gaya ng sinabi Niya, “May limang asawa ka.”

<sup>69</sup> Sasabihin n’yo nga ngayon, sa mga baguhan, sasabihin n’yo marahil, “Hinulaan lang ’yun ni Kapatid na Branham.”

<sup>70</sup> Tingnan nga natin kung hinulaan lang Nito. Sa tingin ko’y sinabi Nito na ito’y suliranin sa likod. Tama po ba? [Sinabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Yun ba ang totoo? [“Opo, ginoo!”] At ikaw, naoperahan ka, rin, at kagagaling mo lang sa ospital. At, nang malaman mo na ako’y lingkod nga ng Diyos, ang asawa mong lalaki ay nakaupo roon sa likod. [“Opo, ginoo, tama po ’yan.”] At may suliranin din siya, siyanga rin. Kung masasabi ko sa iyo kung ano ang suliranin ng asawa mo, ikaw ba’y makasampalataya? [“Opo, ginoo.”] May suliranin siya sa tagiliran niya at maging sa likod niya. Tama po ba ’yun? Itaas mo ang iyong kamay. May sasabihin pa ako sa iyo na isang bagay. Nakikita ko ang isang kabataang lalaki, ang anak mo, nakaupo rin siya sa likod, siyanga. [“Tama po.”] Tama. At ito pong anak mong lalaking ito ay parang may sumpong siya. [“Opo, ginoo.”] Tama nga, [“Opo, tama po. Salamat sa Iyo, Jesus.”] Gng. Stovall ang pangalan mo. Yun nga ang pangalan mo, Gng. Stovall. [“Opo.”] Umuwi ka na’t, tinugon na ni Jesus Cristo ang iyong pananalangin! Matatanggap mo ang bagay na hinihingi mo, sa Pangalan ni Jesus.

<sup>71</sup> Ngayon manampalataya lamang! Lahat kayo na mga itim, manampalataya lamang ng buong puso n’yo ngayon. Inyo na bang napagtatanto na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay nagbangon mula sa patay? Ang Espiritu Santo nga Niya ito na nagbubunsod sa inyo na ’yan ang maramdaman.

<sup>72</sup> Ngayon heto po ang isang babaing puti. Di ko siya kakilala, wala akong ideya kung sino siya, ano siya, o—o kung ano ang ipinunta n’yo rito. Kung tama ’yun, itaas mo ang iyong kamay. Ngayon sumasampalataya ka ba? Kung magagawa ng Diyos, na ihayag ang kanyang puso, katulad nung ginawa Niya noon sa babae sa may balon, tulad nung ginawa Niya sa itim na babae kanina, ilan po sa mga puti ang nananampalataya na ganoon nga mismo ang ginawa Niya? Heto, ako at ang babae na ito, ang mga kamay namin ay kapwa nakataas, ito ang una naming pagtatagpo.

<sup>73</sup> Sasabihin ko nga ang isang bagay, ang binibini na ito’y di siya taga-rito. Galing ka ng silangan, bumiyaha ka pakanluran nung pumunta ka rito. Tama nga. Galing ka ngang Ohio, at ang siyudad ay Dayton. Tama nga. At ang dahilan ng pagpunta mo rito, ay dahil nga sa kahinaan mo. At may pagkanerbiyos ka, di

ka makatulog. May iniinom kang gamot para makatulog. Ang tawag nila sa iyo ay “Dixie,” siyanga, Mason. Tama nga. Sige’t umuwi ka, aayos na ang pagtulog mo ngayon, mula sa gabing ito. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Humayo ka sa Pangalan ng Panginoon.

<sup>74</sup> Kung makasasampalataya ka lamang! Ngayon kayo riyon na mga nakikinig, habang narito ang pahid ng Espiritu Santo, kayo’y manampalataya, kayo na walang mga prayer card.

<sup>75</sup> Dun po sa matandang lalaki na tumayo rito kanina lang, na, di siya. . . di siya pinapila rito, mali kasi ’yung numero niya, saan na siya ngayon? Ikaw, sige’t tumayo ka. Sumasampalataya ka ba na si Jesus Cristo’y Anak ng Diyos? Naniniwala ka ba na ako’y propeta Niya? [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, “Opo, ginoo.”—Pat.] Buweno. May sakit ka sa baga mo. Siyanga. Linisan ka na nito ngayon, makauwi ka na sa inyo’t magaling ka na! Naglaan si Jesus sa iyo ng mainam na baga, kita mo.

Manampalataya lamang, at manalig. Ang Diyos ay Diyos.

<sup>76</sup> Kumusta ka, ginoo? Nananampalataya ka ba sa Panginoong Jesus Cristo? [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, “Amen.”—Pat.]

<sup>77</sup> Ngayon, may isang lalaki minsan na lumapit kay Jesus isa pong beses, at nagtungo siya roon at naligtas, at humayo siya’t ipinagsabi niya ito sa isang kaibigan, at dinala ang kaibigan. At ’yung kaibigan. . . Sinaysay sa kanya na mananampalataya siya. At namangha siya sa kanyang narinig, at ang sabi niya, “Kailan Mo po ako nakilala?”

<sup>78</sup> Sabi Niya, “Bago ka pa tawagin ni Felipe, noong naroon ka sa ilalim ng puno, nakita na Kita.” Tatlungumpung milya ang layo nun na paikot pa ng bundok. Naglakad lang, inabot siya ng isang buong araw para magtungo roon sa pila ng pananalangin, nung makadako siya sa pila para sa pananalangin.

<sup>79</sup> Nananampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ni Jesus kung anong suliranin sa iyo? Masasampalatayanan mo ba ito nang buong puso mo? Makasasampalataya ba ang mga narito na nakikinig nang buong puso nila? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi sa sarili niya ang ipinunta niya rito. Para po sa isa pang tao; at isa pong babae, at ang babae’y nalililiman ng kamatayan, ang kapatid mo ngang babae. [“Opo, tama po ’yan.”] Hindi mo buong. . . Kapatid mo lang sa isang magulang. [“Tama po.”] At wala siya rito. Naroon siya sa isang ospital sa may Tennessee. Kaya taga-roon ka pala. [“Tama po.”] At ikaw. . . Ang babae’y naoperahan, pero wala nga ’yung idinulot na makaiinam sana. At narito kang nakatayo para sa kanya. Ipinagkaloob na ng Diyos ang iyong hiling. Humayo ka na, at nawa’y pagalingin ng Diyos ang babae na ’yun at paigihin ang lagay niya, batay sa pananampalataya ng lalaking ito.

<sup>80</sup> Panginoong Diyos, sinasaway namin ang diyablong ’yun na pilit kinukuha ang buhay ng babaing ’yun. At nawa ang babae

na ito, na kamag-anak ng lalaking narito, siya nawa'y mabuhay dahil ang lalaking ito'y pumarito at tumayong kahalili para sa kanya. Jesus, Ikaw nga'y tumayo sa Kalbaryo na kahalili para sa amin, at kami'y pinagaling Mo. At sinasampalatayanan Ka po namin. Mangyari nawa ito. Amen.

Humayo ka na, na nananampalataya, kapatid. Huwag ka nang mag-isip ng kung anuman.

<sup>81</sup> Kumusta po kayo? Tayo'y estranghero sa isa't isa. Ito ang unang beses nating pagkikita. (Ngayon ang lahat ay maging mapitagan lang po, at makinig maigi at manalangin.) Heto nga na kung di natin kakilala ang isa't isa, at tayo'y estranghero sa isa't isa, marahil ito ang pinaka una nating beses na nagkita. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Tama ba? Kung ito ang una nating beses na pagkikita, itaas mo ang kamay mo. Kung ihahayag ng Diyos sa akin kung ano ang suliranin, kung ganoon ba'y makasampalataya ka ba na ako'y lingkod Niya? ["Opo, naniniwala po ako na lingkod ka nga. Lingkod ka nga ni Cristo."] Sasabihin ko sa iyo. Di pa tayo nagkikita kahit kailan, pero isa kang tubong taga-Kentucky. Siyanga po. Galing ka sa isang lugar dun sa tinatawag na Somerset, Kentucky. ["Opo."] Yun nga mismo ang totoo. Ako'y taga-Burkesville, Kentucky. At ang suliranin mo'y pinahihirapan ka riyan sa—sa tiyan mo sa banda ng bituka, sa ibabang bahagi. ["Opo!"] Mga tumor. Tama. Sige, Jewel ["Oh!"], makauwi ka na, ipinagkaloob na sa iyo ng Diyos ang iyong kagalingan. ["Oh!"]

<sup>82</sup> Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Diyos, ang ibinangon na mag-uling si Jesus? [Ang kapatid na babaing pinagaling sa mga tumor, ay sumigaw muli, "Oh!"—Pat.] Kung ikaw бага'y makasampalataya! Nagtataka kayo marahil kung bakit ang binibining ito'y nagbubunyi. Kayo nga, rin, ["Oh!"] kung narito kayo sa ganitong kalagayan na mamamatay na sana. ["Purihin ang Kanyang Pangalan!"]

<sup>83</sup> Di kita kakilala. Pero di ko . . . Kung di ako nagkakamali, sa palagay ko'y binautismuhan ka kaninang umaga, dahil nakita kita na may ginawa kang isang mainam na bagay. Pero, ang makilala ka mismo, di kita kakilala. Lumusong ka lamang dun sa bautismuhan, at 'yun. . . siya'y—siya'y nabautismuhan. Pero nananampalataya ka ba na kayang ihayag sa akin ni Jesus ang iyong mga suliranin? Ang mga narito ba na nakikinig ay kaya bang sampalatayanan 'yan nang buong puso nila? Nakikinita ko ang isang babae na lumitaw sa pagitan ko at ikaw. Narito ka para sa isa pang babae, at 'yung babae na 'yun ay higit na mas matanda pa sa iyo. Haya't, ang nanay mo nga. Wala siya rito. Siya'y taga-Georgia. At malubha ang pagkanerbiyos niya. Kung ano po 'yun, ay dahil sa pagbabago sa kanyang buhay, menopause. At narito ka para sa iyong nanay. Tama. Buweno, maaalpasan niya 'yun, at aayos na ang lagay. Humayo ka na,

na sumasampalataya ngayon, aayos na ang lahat. Sabihin mo sa kanya na magpakatatag lang na mainam.

<sup>84</sup> Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Manampalataya lamang. Manampalataya ka ng buong puso mo. Kung ikaw ay makasampalataya! Manalangin.

<sup>85</sup> Pinagpapalagay ko na ikaw at ako ay di magkakilala. Ang Diyos nga'y nakikilala ka at Kanya akong nakikilala. Pero magagawa ba ng Diyos na ihayag sa akin ang suliranin mo? Kung gagawin nga Niya, makasampalataya ka ba sa Kanya?

<sup>86</sup> Ilan sa mga narito ang makasampalataya, at magsasabi, "Diyos, sasampalatayanan po Kita kung Iyo ngang ihahayag sa lalaki na ito"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Siyanga. Amen."—Pat.]

<sup>87</sup> Sandali lamang po. Ang ginang na nakaupo sa likod mismo ng mga dalagita rito, na nakatingin sa akin, siya'y dumadanas ng pamamaga sa kanyang mga ugat. At nakaupo po siya riyon, na nananalangin para sa isa pang tao. At ang espiritu niya'y humipo mismo sa Dakilang Saserdote, at siya'y kumaugnay sa Diyos. Nananalangin ka sa isang kaibigan mo, na may sakit sa pag-iisip. At nakatira po sila sa isang—isang siyudad, sa isang maliit na siyudad, Corydon, Indiana po. Siyanga. Kung ikaw lamang ay makasampalataya, matatanggap mo ang hinihiling mo. Amen.

<sup>88</sup> Nakaranas ka ng atake sa puso; halos naroon ka na sa dulo ng iyong daan. Hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isa sa mga lumiligalig sa iyo, siyanga, ang paninigarilyo mo. Sandali lang po, 'yung espiritu'y tumalon ngayon-ngayon lang. Ayaw niya nun. Yun nga ang nagdudulot ng suliranin mo. Heto, heto *rito* ang isang kabataang lalaki na nakaupo naman sa banda rito, may pagnanais din siyang tumigil sa paninigarilyo, siyanga rin. Kung makasampalataya siya nang buong puso niya, 'yang bisyo niya sa paninigarilyo'y lilisan. Kung makasampalataya ka! Sinasampalatayanan mo ba? Kung sasampalatayanan mo ito at kikilos ka para rito, makakamit mo ang pagkaligtas mo; kuta magagawa *mo*. Hindi ka taga-rito. Taga-malayo ka, kung tutuusin. Maaari ka nang umuwi ngayon sa Owensboro, na pinupuri ang Panginoon. Manampalataya lamang sa Diyos.

<sup>89</sup> Nakikilala kita, pero hindi ko alam kung anong suliranin sa iyo. Kung magagawang ihayag ng Diyos sa akin kung ano ang suliranin, makasampalataya ka ba sa Kanya? Hayan nga't ang suliranin mo sa tiyan ay iigi na. Buweno. Makauwi ka na't magalak ka, manampalataya nang buong puso mo.

<sup>90</sup> Sa tingin ko'y di kita kakilala. Tayo ba'y di magkakilala? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Ikaw ba'y maka sasampalataya? Na itong aking—aking sasabihin sa iyo, ay ang katotohanan nga, alam mo mismo kung ito ba'y katotohanan o hindi. ["Opo."] Buweno, 'yang sakit mo sa puso ay lilisan na sa iyo. ["Yun nga. Salamat."] Makauwi ka na't magaling ka na.



91 Di kita kakilala. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Hindi.”—Pat.] Pero nakikilala ka ng Diyos. Makasasampalataya ka ba kung sasabihin ko sa iyo kung anong suliranin sa iyo, at kung saan nga ito, na gagaling ka? Sa likod mo nga. Makauwi ka na ngayon, lilisanin ka na nito at iigi na ang lagay mo.

92 Sa tingin mo’y mapapagaling ng Diyos ang tumor na ’yan at ’yan nga’y paiigihin, nang di na kailangan pang operahan? Naniniwala ka ba? Itaas mo ang iyong mga kamay kung ito’y sinasampalatayanan mo. Makauwi ka na’t tanggapin mo ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Manampalataya.

93 Kakatwa po, na nung sabihin ko ’yun, mayroon ka rin nun. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Siyanga’t, tama po.”—Pat.] Tumor. May kakatwa ka ngang naramdaman nung sabihin ko ’yun, dahil tumalon ’yung parehong mga espiritung ’yun, nang sabay. Humayo ka na, pinagaling ka na mismo ni Jesus Cristo. Manampalataya.

94 Masyadong bata ka pa, para magkaroon ng arthritis, pero magagawa mo bang manampalataya na pagagalingin ka mismo ni Jesus? Kung ganoon nga, humayo ka, na nananampalataya, at ika’y gagaling na.

95 Ilan po ang nananampalataya nang buong puso n’yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

96 Ano kaya kung wala man akong sabihin sa iyo na isang salita, pero sasabihin ko na pinagaling ka na ng Diyos nung sumulpot ka roon sa sulok dun at nagkaroon ka ng kakatwang pakiramdam na ’yun, maniniwala ka ba sa akin? Sige’t maka uwi ka na, magaling ka na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

97 Isa ka ngang kabataang babae na pinahihirapan ng pagka nerbiyos. Makasasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang pagkanerbiyos na ’yan at iwawaglit ’yan sa iyo? Sinisikap mong makasumpong ng isang dakong makapagsisimula ka. Ito nga ’yung dakong ’yun mismo. Makahahayo ka na, magbunyi, magalak. Wala na ito, sa iyo. Manampalataya ka nang buong puso mo.

98 May pagkanerbiyos ka, na nagdudulot ng problema sa tiyan mo. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Tama nga.”—Pat.] Ikaw nga’y pinagaling nung tumayo ka roon sa likod, ginoo. Yun ang dahilan kung bakit hinihintay kita na makaabot dito. Humayo ka na, kumain, pinagaling ka na.

99 Sakit na pambabae, pagkanerbiyos, nagugulumihan. Siyanga. Lilisan na ito sa iyo ngayon. Makauwi ka na’t maigi na ang lagay mo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Basta’t manampalataya ka lamang.

100 May sakit ka na pambabae, siyanga, na nagdulot ng pag-agas. Obaryo ito na di na gumagana. Manampalataya ka, ikaw

nga'y pagagalingin ni Jesus Cristo. Makauwi ka na, at sige't manampalataya lamang nang buong puso mo.

<sup>101</sup> Ngayon, may malala ka ngang kalagayan, diyan nga po sa puso mo, may bara. Makasampalataya ka ba na paiigihin ni Jesus Cristo ang kalagayan mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kung masampalatayanan mo ito, humayo ka sa Pangalan ng Panginoon, at magaling ka na. Manampalataya ka sa Diyos.

<sup>102</sup> Sige, kapatid na lalaki, nananampalataya ka ba na ikaw man ay pagagalingin ni Jesus Cristo, rin? Sige't lumakad ka lang sa pila na ito, na pinupuri ang Panginoon.

<sup>103</sup> Ilan po sa mga nariyan ngayon ang nananampalataya sa Panginoong Jesus? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nalalaman Niya ang bawat . . .

<sup>104</sup> Gng. Nash, nakikilala kita, pero di ko nga maitatangi ang Liwanag na nariyan mismo sa ibabaw mo. Kakilala kita, pero ikaw nga'y may ipinapanalangin na ibang tao. Isa pong maliit na bata, munting bata, na di nakatira rito. Nakatira ang bata sa Tennessee. Siyanga't, nananalangin ka rin para sa isang kaibigan mong doktor na may sakit sa puso. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Oh Diyos!"—Pat.] At ang asawa niyang babae'y nagkaroon ng di-kalubhaang stroke. ["Oh Diyos!"] Siyanga. Manampalataya ka, at gagaling ka.

<sup>105</sup> Diyan nga sa isang munting binibini na nakaupo sa dulong upuan riyan, na 'yung daliri niya'y nakapatong sa bibig niya, anong sa palagay mo, kabataang babae? Nagkaroon ka nga ng sumpung na dulot ng pagkanerbiyos. Natatakot ka nga't baka magkaroon ka uli ng ganoon. Siyanga. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay, habang pinapahiran mo ang mga luha sa mga mata mo. Huwag kang matakot, at di ka na susumpungin.

<sup>106</sup> Ito ngang binibini na nakaupo sa tabi mo riyan, may hika ka, problemang bronchial. Itigil mo na ang paninigarilyo, lilisanin ka na nito.

<sup>107</sup> Manampalataya ka sa Diyos. Manampalataya ka nang buong puso mo. Kung magagawa mong manampalataya, lahat ng bagay ay maipangyayari!

<sup>108</sup> Heto po ang isang ginang na nakaupo sa likod ng isa pang binibini rito. Tiyak ko na ikaw . . . Ang ginang, sandali lang po, ang pangalan po niya ay Gng. Evans. Siya po'y taga-Kentucky, Louisville. Siyanga. Di kita kakilala. Alam mong totoo 'yun. May sakit ka sa puso, may sakit ka rin sa iyong mga tainga. Siyanga. Kung tama 'yun, itaas mo ang iyong kamay. Sige't makabalik ka na sa Louisville, pinaigi na ni Jesus Cristo ang kalagayan mo.

<sup>109</sup> Hinahamon ko ang inyong pananampalataya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na sampalatayanan ito. Sa kahit sinuman dito, manampalataya nang buong puso n'yo! Diyan man sa likod na

pinaka likod, nakatayo riyang sa likod, manampalataya kayo. Di mo kailangang tumayo kung saan mang partikular na dako. Dito po sa panig na ito *rito*, manampalataya! Ilan po sa mga nariyan ang nangangailangan ng kagalingan? Itaas n'yo lang ang inyong mga kamay, at sabihin, "Sumasampalataya ako, Panginoon." Manampalataya lamang!

<sup>110</sup> Sa mga nakaupo po sa linyang *ito rito*, may nakikita akong isang lalaki na taimtim sa pananalangin, sa isang pangitain, na nariyan, isa siyang mangangaral, nakatayo siya sa tabi ng isang pulpito, at nananalangin siya ng pagyabong. . . nananalangin ng pagyabong sa kanyang pagmi-ministeryo. Di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Pero 'yan nga ang ipinapanalangin mo, kapatid. Matatanggap mo ito ngayon. Manampalataya ka lamang sa Panginoong Jesus!

<sup>111</sup> May isang lalaki na nakaupo sa likod niya diyang, na may kung anong problema sa braso niya, may naipit na mga bukol sa braso niya. Siya'y isa ring. . . Kung masasampalatayanan mo ito, ginoo, matatanggap mo ang iyong kagalingan. Amen.

<sup>112</sup> Sa may banda lang *dito* sa dulo ng hilera rito, ikalawa mula sa, isang munting binibini na nakayuko ang ulo, diyang mismo sa bandang likod na, nakaupo riyang na nananalangin, siya'y may sakit sa apdo. Siyanga, binibini, itinaas mo ang kamay mo, at alam ko na ikaw—ikaw 'yung nananalangin. Natanggap mo nga ang iyong kagalingan ngayon mismo.

<sup>113</sup> Hayan po, nananampalataya ba kayo na nagbangon si Jesus mula sa patay? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Narito ba Siya ngayon? ["Opo!"] Sinasampalatayanan n'yo po ba Siya? ["Amen."] Kung ganoon ay kung maniniwala kayo sa akin, sa heto ngang ang sinasabi ko ay Katotohanan ng Biblia, at ang Diyos ay bumaling at pinagtitibay na ang mga sinabi ko sa inyo ay Katotohanan, ang ibig sabihin nga, ay ganap, na ang Panginoong Jesus ay narito. Tama po ba? ["Amen."]

<sup>114</sup> Kung ganoon ay gawin n'yo ito, gawin ito, huwag na huwag po kayong mag-aalinalangan, ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa taong nakaupo sa tabi n'yo. Mananalangin ako sa puwesto ko rito, at ang buong kalipunan n'yo na narito'y pagagalangin mismo ngayon kung makasampalataya kayo rito. Inyo na po bang sasampalatayanan ito? Sige't ipatong n'yo ang mga kamay n'yo sa bawat isa, kung ganun. Lahat ng nananampalataya na kayo'y magsisigaling ngayon, magsabi ng, "Amen." [Sinabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Ngayon inyong. . . Sasambit ako rito ng panalangin. Yun ang ipanalangin n'yo, ipanalangin n'yo matapos kong sambitin.

<sup>115</sup> [Binibigkas ng kongregasyon ang panalangin ito, matapos na sambitin ni Kapatid na Branham—Pat.] Oh Panginoon, na Maylalang ng langit at lupa, May Akda ng walang hanggang Buhay, Maybigay ng bawat mabuting kaloob, ako'y sadya

pong nangangailangan, Panginoon, ng Iyong kapangyarihan na nagpapagaling. At dalangin ko na Iyo po akong pagkakalooban ng pananampalataya na tanggapin ito. Yan po mismo ang pangako Mo. Nanampalataya ako na Ikaw ang siya ring Jesus na lumakad noon sa mga pampang ng Galilea, dumanas ng pasakit sa ilalim ni Pontio Pilato, namatay, nagbangon, umakyat sa Kaitaasan, nagkaloob ng mga kaloob sa mga tao, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Nanampalataya po ako na ang Espiritu Santo ay narito dala-dala ang siya ring parehong gawa na Iyong ginawa noong narito Ka noon. Buong-buo kong tinatanggap ang pangako na 'yun. Tinatanggap ko ang aking kagalingan. Nangangako ako na mabuhay para sa Iyo at sundin ang Iyong mga Kautusan, lumakad sa Liwanag. At ngayon ako po'y nanampalataya, yamang sinasambit ko ang pagtatapat na ito, na ako'y pinagaling na sa Iyong mga latay.

<sup>116</sup> Sige po't maupo na nang tahimik. Ngayon bulayin n'yo, 'yun po ang pagtatapat n'yo, heto po ang Diyos na pumaparito sa inyo ngayon. Tanggapin n'yo ang Espiritu Santo, sa pamamagitan ng pananampalataya, "Nanampalataya po ako na ang kalagayan ko'y pinagaling na. Nanampalataya po ako na lahat ng karamdaman ko ay inalis na." Kayo ngayon ay nasa Presensya ng Diyos. Inyo na po bang nararamdaman ang Espiritu? Buksan n'yo po ang inyong mga puso, inyong—inyong pananampalataya. Ang Espiritu Santo'y pinagagaling na ang mga tao ngayon; ito pong batang babae na nakaupo rito, mayroon ding isa sa may kanan ko. Ang buong entablado po'y mistulang naliliwanagan ng Kapangyarihan ng nagbangong mag-uling Cristo. Heto Siya sa mga narito ngayon. Narito Siya sa mga tao. Ngayon, 'yan nga ang panalangin n'yo.

<sup>117</sup> Ngayon mananalangin ako't sasambitin na 'yang diyablo ng pag-aalinlangan ay umalis mula sa inyo.

<sup>118</sup> Oh Panginoong Diyos, Maylalang ng Langit at ng lupa, ang akin pong panalangi'y dinggin, Panginoon; sa mismong sandali na ito, habang ang Espiritu Santo ay narito, bago mapahamak ang mga tao.

<sup>119</sup> Sinasaway ko ang diyablo. Kinuha na ni Jesus Cristo ang katagumpayan mula sa iyo, nagtagumpay Siya sa Kalbaryo; Kanyang pinagtagumpayan ang kamatayan, ang diyablo, ang impyerno, at ang libingan, at nagbangong mag-uli sa ikatlong araw, at nabubuhay na magpakailanman. Lumabas ka riyon, Satanas, ika'y isang talunan na. Lisanin mo ang mga tao rito, at sila'y gumaling na, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

<sup>120</sup> Lahat ng tumanggap ng inyong kagalingan, tumayo kayo ngayon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, magsitindig kayo! Amen. Itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya, at purihin Siya. Ang tanging di ko lang nakikita na nakatayo, ay ito pong lalaki rito

na nakaupo sa silyang de gulong, si Gane Heelie. Alam ko po ang kaso niya, isa pong kaso ng polio.

<sup>121</sup> Mukha ngang may isa pang naka-silya de gulong *dito* sa likod. Tingnan natin. Heto po ang isang kaso, isang binibini na isa lang ang binti. Tama po ba? Naniniwala ka ba na ako'y propeta ng Diyos? Isa nga akong estranghero sa iyo. Di kita kayang pagalingin. Pero nananampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung ano mismo ang suliranin sa iyo? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Kung ang bagay na 'yun ay masasabi, makatutulong ba 'yun sa iyo? Isa ka pong diyabetiko. Siyanga. Ngayon sampalatayanan mo ito, at ika'y makauwi na't magaling ka na, sa silyang de gulong. Yun lang ang tanging bagay na dapat mong gawin, ang manampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, at ika'y magaling na!

<sup>122</sup> Itaas n'yo ngayon ang inyong mga kamay, at—at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin. Salamat sa Iyo, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin. Pinupuri Kita, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin. Ang Diyos ay mabuti! Ang Diyos ay dakila! Ang Diyos ay mayaman! Ang Diyos ay totoo! Ang Diyos ay narito! Ang Espiritu Santo ay narito. Ang Kapangyarihan ng Diyos ay narito. At sumasampalataya ako ngayon nang buong-buong nasa akin, na si Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, ay pinagaling na ako. Amen."

<sup>123</sup> Kung mayroon dito na kinokondena ng kasalanan, at may pagkabatid na ang inyong mga pagkakasala'y wala pa sa ilalim ng Dugo, at heto nga sa Presensya ng Diyos ngayon, Na talos ang inyong iniisip, at heto po na sinasabi sa akin ng Espiritu Santo ito, ninanais n'yo po bang tanggapin Siya bilang inyong sariling Tagapagligtas, nagnanais na maalaala sa panalangin? Itaas n'yo ang inyong kamay, sa lahat ng mga narito ngayon. Pagpalain kayo ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Siyanga. Diyan sa may likod, ikaw, at maging dito po. Siyanga. Dito sa may likod, pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos na nariyan. At pagpalain ka ng Diyos. Siyanga.

<sup>124</sup> Tingnan n'yo nga, ang Espiritu Santo po ay di kailanman nagkakamali. Kapag sinabi ng Espiritu Santo. . . Heto nga na handa ko na sanang ipasa kay Kapatid na Neville ang gawain, dahil tapos na ang pagpapagaling, pero may Bagay na nagsabi, "Kailangan nila ng kagalingan ng kaluluwa." Kung gusto n'yo pong tanggapin si Jesus bilang sarili n'yong Tagapagligtas, sige po't iyuko n'yo ang inyong ulo pansumandali. Mag-alay po tayo ng panalangin.

<sup>125</sup> Kapatid na Neville, paos na po ako, kayo po ang mag-alay ng panalanging ito, kung mamarapatin mo. Sige po.

<sup>126</sup> [Nananalangin si Kapatid na Neville, "Makalangit na Ama, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, Na lumakad dito nang may kaluwalhatian sa piling namin ngayong gabi. Habang sila

na mga nagsipagyuko ng kanilang ulo, sa pananampalataya ngayong gabi, na nananampalataya na Ikaw ay may kakayahan na palayain sila, sa kaluluwa man at katawan din. Iyo pong ilitas sila na nananampalataya ngayon nang may pagsisising pananampalataya. Minamahal na Diyos, nawa'y ang gabi na ito ay maging espesyal na gabi sa kanila. Iyo pong pagkalooban sila ngayon ng pagnanais, Oh Diyos. At Iyo pong pagkalooban sila ngayon, Oh Panginoong Jesus, ng lubos na pagnanais na 'yun ng kaalaman na ang mga pagkakasala nila'y pinatawad na. Iyo pong ilitas ang bawat isa, Oh Diyos, na nagsipagyuko ng kanilang ulo sa dako rito, na dumudulog nang may pagnanais sa pananalangin. At nawa sila, mula sa oras pong ito, nawa'y ilayon nila sa kanilang puso na mamuhay para sa Kanya na Siyang namatay para sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus at alang-alang kay Jesus dumadalangin kami. Amen, at amen. Purihin ang Panginoon!"—Pat.]



*ANG TANDA NG MESIYAS* TAG59-0329E

(The Sign Of The Messiah)

SERYE NG MGA MENSAHE PARA SA PASKO NG PAGKABUHAY

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong gabi ng Linggo ng Pagkabuhay, Marso 29, 1959 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)